



Isang Gabay sa Hukuman ng mga Maliit na
Paghahabol:
Paano Magdemanda Kung Diskriminahin Ka ng
Negosyo o Kasero Dahil sa Iyong Kapansanan

Lat #5206.08 - Tagalog
Oktubre 2015



Disability Rights California
Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California
1-800-776-5746
www.disabilityrightsca.org

Mga Nilalaman

Bakit Gagamit ng Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol para
Magdemanda para sa Diskriminasyon

Bakit Gagamit ng Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol para Magdemanda para sa Diskriminasyon?	1
Aling mga Batas ang Nagpoprotekta sa Akin?	1
Anong mga Makatwirang Kaluwagan ang Kailangang Gawin ng mga Negosyo?	5
Legal ba kailanman para sa isang negosyo na bukas sa publiko na ipagkait sa akin ang kalakal at serbisyo nito dahil sa aking kapansanan?	8
Paano Magsimula ng Kaso	12
Sino ang Akusado sa kaso ko?	14
Paano Maghanda para sa Hukuman.....	21
Matapos Ang Pagdinig.....	24
Kailangan ng Dagdag na Tulong?.....	25

**Isang Gabay sa Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol:
Paano Magdemanda kung Diskriminahin Ka ng Negosyo o Kasero
Dahil sa Iyong Kapansanan**

Bakit Gagamit ng Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol para Magdemanda para sa Diskriminasyon?

Kung didiskriminahin ka ng pribadong negosyo o kasero dahil sa iyong kapansanan, maaari mo silang ihabla sa pederal na hukuman o pang-estadong hukuman o maaari kang magsampa ng administratibong paghahabol sa isang pederal o pang-estadong ahensiya. Subalit, kung ang iyong paghahabol ay para sa \$10,000 o mas mababa, maaari kang maghabla sa hukuman ng mga maliit na paghahabol.

Ang proseso sa mga maliit na paghahabol ay mabilis at mura. Ang mga patakaran ay simple at hindi pormal. At, hindi mo kailangan ng abogado.

Gamitin ang booklet na ito upang malaman ang tungkol sa:

- Aling mga batas ang nagpoprotekta sa iyo?
- Paano maghabla sa hukuman ng mga maliit na paghahabol
- Mga pormularyo ng hukuman na kakailanganin mo para sa kaso ng mga maliit na paghahabol

Aling mga Batas ang Nagpoprotekta sa Akin?

Ayon sa batas ng California, kung diskriminahin ka dahil sa iyong kapansanan ng isang negosyo na bukas para sa pangkalahatang publiko, gaya ng kainan, hotel o medikal na tanggapan, maaari mo silang ihabla. Poprotektahan ka rin ng pederal na batas na tinatawag na Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (ADA, American with Disabilities Act).

Ano ang mga batas sa California?

Mayroong tatlong pangunahing batas sa California na nagpoprotekta sa iyo:

- *Pinoprotektahan ka ng Seksyon 51 ng Kodigong Sibil ng California (Batas na Unruh sa Mga Sibil na Karapatan) (California Civil Code [Unruh Civil Rights Act]) kung mas malala*

ang pagtrato sa iyo kaysa sa trato sa ibang walang kapansanan.¹

- *Pinoprotektahan ka ng Seksyon 54.1 ng California Civil Code* kung gawing mahirap ng negosyo para sa iyo na makapasok o makalibot sa pampublikong lugar (gaya ng hindi mapuntahang pinto o banyo). Ang seksyon na ito ay nagpoprotekta rin sa iyo kung pigilan ka ng isang negosyo sa paggamit ng kanilang mga produkto o serbisyo dahil sa iyong kapansanan. *Halimbawa:* hindi pagpapahintulot na gamitin ang iyong hayop na panserbisyo, o, hindi pagbibigay sa iyo ng parehong serbisyo ng gaya sa makukuha ng ibang customer. Hindi rin pinapahintulutan ng seksyon na ito ang mga kasero at iba pang tagabigay ng mga pabahay na diskriminahin ka laban sa iyong kapansanan.²
- Ginagawang labag sa batas ng *Batas ng Patas na Trabaho at Pabahay* (FEHA, Fair Employment and Housing Act), para sa sinumang may-ari ng pabahay na magdiskrimina laban sa o ligaligin ang sinumang tao dahil sa kanilang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, pambansang pinanggalingan, ninuno, katayuan ng pamilya, pinagkukuhanan ng kita, o kapansanan.³

Maaari mong idemanda ang isang negosyo o iba pang organisasyon na bukas sa publiko, o isang tagapagbigay ng pabahay (o kanilang mga empleyado) sa paglabag sa mga batas na ito.

Ano ang mga batas pederal?

Ang ADA, partikular ang Titulo III, ay hindi nagpapahintulot sa mga negosyo na bukas sa publiko (gaya ng mga kainan, hotel, tindahan ng grocery, tindahang tingi at mga pribadong pag-aaring sistema ng transportasyon) na diskriminahin ka batay sa iyong kapansanan. Inaatas din ng Titulo III ng ADA na ang mga negosyong ito ay mapuntahan ng mga taong may mga kapansanan.⁴ May kaparehong

¹ Kodigo Sibil ng California § 51, *et seq.* "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

² Kodigo Sibil ng California § 54.1 "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

³ Kodigo ng Pamahalaan ng California (California Government Code) § 12955 "[Bumalik sa Pangunahing](#)"

⁴ 42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) §12182 "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

mga atas ang Titulo II ng ADA para sa mga serbisyo at pasilidad ng pang-estado at lokal na pamahalaan at mga pasilidad.⁵

Nagpoprotekta ang *Batas ng Pantay na Pabahay* (FHA, Fair Housing Act) laban sa diskriminasyon sa pagpaparenta at pagbili ng bahay.⁶ Isinasaad ng FHA na kasama sa diskriminasyon ang pagtanggap na gumawa ng makatwirang kaluwagan sa mga patakaran, kasanayan o pamamaraan kung kinakailangan upang maibigay sa isang taong may kapansanan ang pantay na pagkakataon na gamitin at matamasa ang tirahan.⁷ Gayundin, inaatas ng FHA sa mga kasero na payagan ang mga makatwirang kaluwagan sa lugar at mga patakaran (kung kinakailangan upang maibigay ang parehong pantay na pagkakataon upang gamitin at matamasa ang tirahan).⁸

Paano kung lumalabag ang isang negosyo sa California sa Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (ADA)?

Pinapahintulutan ka ng batas ng California na maghabla para sa paglabag sa ADA kahit na ang ADA ay isang pederal na batas.⁹

Lumalabag ang negosyo sa ADA kung ito ay:

- hindi nagbibigay sa iyo ng pantay at ganap na paggamit ng mga kalakal, serbisyo, pasilidad, at pribiliheyo; o
- pinapagamit ka ng hiwalay o ibang pasilidad (maliban kung ginagawa nila ito upang masiguro na makukuha mo ang parehong kalakal at serbisyong inaalok sa iba); o
- gumagamit ng mga kontratista o empleyado na nagdidiskrimina laban sa iyo dahil sa iyong kapansanan.

Para sa karagdagang impormasyon sa ADA, bumisita sa website ng Kagawaran ng Hukom ng U.S. (U.S. Department of Justice) na nakatuon sa ADA (www.ada.gov) o makipag-ugnayan sa Disability Rights California.

⁵ 42 U.S.C. §12131, *et seq.* [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁶ *Tingnan ang* 42 U.S.C. § 3604(c) [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁷ 42 U.S.C. § 3604(f)(3)(B) [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁸ 42 U.S.C. § 3604(f)(3)(A) [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁹ Kodigo Sibil ng California § 54.1 [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Ano ang itinuturing ng batas ng California na “kapansanan”?

Pinoprotektahan ng batas ng California ang mga tao mula sa diskriminasyon dahil sa aktuwal o inaakalang pisikal o pangkaisipang kahinaan na nagpapahirap na makamit ang mga pangunahing gawain sa buhay.¹⁰ Kasama rito ang mga pisikal at pangkaisipang kahinaan, gaya ng, ngunit hindi limitado sa: hindi gumagaling o paulit-ulit na kondisyon gaya ng HIV/AIDS, hepatitis, epilepsy, sakit na umaatake, diabetes, klinikal na depresyon, sakit na bipolar, multiple sclerosis, at sakit sa puso.

Inaatas ba sa negosyo na gumawa ng mga kaluwagan na kailangan ko dahil sa aking kapansanan?

Maaari. Ayon sa ADA, ang mga negosyo ay maaaring magbigay sa iyo ng tulong, magbigay ng ilang mga kagamitan o teknolohiya, tanggalin ang mga balakid, magbigay ng kwalipikadong tagapagsalin ng wikang senyas, o gumawa ng mga pagbabago sa paraan ng kanilang operasyon upang magkaroon ka ng pantay na akses sa mga kalakal at serbisyo nito. Ngunit ayon sa batas, ang mga tulong at pagbabago na ito ay hindi dapat maging masyadong magastos para sa negosyo batay sa mga ari-arian ng negosyo o ng nagmamay-aring kumpanya kung posible o baguhin ang likas na katangian ng negosyo.¹¹ Gayunman, ang mga sitwasyong ganito ay malamang na bihira. Maaari ring hindi magbigay ng makatwirang kaluwagan ang negosyo kung ang taong humihiling ng kaluwagan ay maaaring magsanhi ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba na hindi maaalis o mababawasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng makatwirang kaluwagan.¹²

Maaari ko bang ihabla ang anumang negosyo sa California?

Oo. Maaari mong ihabla “ang kahit anumang negosyo”.¹³ Ibig sabihin, anumang negosyo na bukas sa publiko, kabilang ang, halimbawa:

Mga kainan, tindahan, teatro, ATM, gasolinahan

¹⁰ Kodigo ng Pamahalaan ng California § 12926(i) at (k). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹¹ 28 C.F.R. §36.104 [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹² 42 U.S.C. § 12182(b)(2)(A)(ii) at (iii), Kodigo Sibil ng California § 51, *et seq.* [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹³ Kodigo Sibil ng California § 51(b). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

- Mga ospital, klinika, at tanggapan ng doktor at tanggapan ng abogado
- Mga eroplano, tren, bus, at barkong paglilwaliw sa dagat (may ibang mga batas na naaangkop sa mga eroplano)
- Mga pribadong paaralan, ahensiya ng pag-aampon, at mga negosyong nag-aalok ng mga koneksyong telepono, Telekomunikasyong kagamitan para sa bingi (TDD, Telecommunications device for the deaf) at Terminal ng Teletipo (TTY, Teletype Terminal).
- Mga club na para sa kalusugan, mga parke ng paglilibang o resort.
- Mga hotel, inn, motel o iba pang mga lugar ng kwartong paupahan (maliban kung mas mababa sa lima ang mga kwartong pinapaupahan at ang may-ari ay nakatira roon)

Hindi mo maaaring ihabla ang mga negosyong pawang pribadong mga club, o mga panrelihiyon na organisasyon.¹⁴ Subalit, dahil lamang ang isang club ay may mga kinakailangang pagsapi, hindi ito nagiging pribadong club sa ilalim ng batas. Karaniwan, upang hindi mapailalim sa ADA, ang club ay dapat na hindi para kumita, bukas lamang para sa mga miyembro at kanilang mga bisita at hindi maaaring magdaos ng mga pampublikong kaganapan, gaya ng mga paligsahan, mga gawain sa komunidad o pampulitikang pangangalap ng pondo.

Anong mga Makatwirang Kaluwagan ang Kailangang Gawin ng mga Negosyo?

Mga Pandagdag na Tulong o Serbisyo

Kung mayroon kang kapansanan, dapat na gumawa ang mga pribadong negosyo ng kinakailangang hakbang upang epektibong makipag-ugnayan sa iyo gaya ng pakikipag-ugnayan nila sa iba. Ibig sabihin nito, may karapatan ka sa parehong harapang komunikasyon at nakasulat na liham tulad ng sa sinumang ibang tao.

Kung kailangan mo ng mga pandagdag na tulong o serbisyo upang makipag-ugnayan nang epektibo, dapat na ibigay ito ng negosyo sa iyo, gaya ng:

¹⁴ 28 C.F.R. §36.104 ["Bumalik sa Pangunahing Dokumentong"](#)

- Kwalipikadong tagapagsalin ng wikang senyas,
- Mga serbisyong pagsipi gaya ng Nakuhang Audio Gamit ang Nasa-oras na Pagsipi (CART, Captioned Audio Realtime Transcription).
- mga kagamitan na pantulong sa pandinig,
- tagapagsulat ng mga tala,
- kwalipikadong tagapagbasa,
- naka-tape na mga teksto, at
- mga materyales na naka-Braille
- Mga elektronikong materyales
- Mga nakasulat na materyales sa makukuhang format

Halimbawa, dapat na magbigay ang ospital ng tagapagsalin ng wikang senyas, o parehong oras na pagsipi upang makipag-ugnayan sa pasyenteng may kahinaan sa pagdinig. (Ang parehong oras na pagsipi ay kung ang salita ay ipinapakita sa screen.) Ang isang pribadong paaralan ay dapat na magbigay sa mga estudyanteng may kahinaan sa paningin ng mga materyales sa mga alternatibong format gaya ng elektronikong bersyon ng mga nakasulat na materyales o audio o video.¹⁵

Mga Makatwirang Pagbabago/Kaluwagan

Ang mga pribadong negosyo na bukas sa publiko at ang mga tagapagbigay ng pabahay ay dapat na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang mga patakaran, kasanayan, at pamamaraan kung kinakailangan upang mapahintulutan ang mga taong may kapansanan na maakses ang mga serbisyo at pabahay.¹⁶ Halimbawa, maaaring gumawa ng eksepsyon ang isang negosyo sa “Bawal ang Alagang Hayop” na patakaran nito para sa hayop na panserbisyo o ang malalaking bangko ay maaaring kinakailangang maglaan ng mga ATM na may mga magagamit na tampok, gaya ng Braille o paglalagay ng sistema para marinig ang impormasyon na nasa screen.

Kung kailangan mong gumawa ng mga pisikal na pagbabago (gaya ng mga rampa o dalaydayan) sa iyong apartment o bahay, dapat na pahintulutan ka ng kasero na gawin ang mga pagbabago basta't maayos

¹⁵ 28 C.F.R. § 36.303 [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁶ Tingnan ang 28 C.F.R. § 36.302; 42 U.S.C. § 3604(f)(3)(B). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

itong maisasagawa. Bagama't kadalasan, ikaw ang may responsibilidad na magbayad para sa mga ito.¹⁷

Maaari ba akong singilin ng negosyo para sa mga kaluwagan?

Hindi. Hindi ka maaaring singilin ng negosyo na bukas sa publiko para sa gastos sa mga makatwirang kaluwagan o pagbabago sa kanilang mga patakaran, kasanayan, o pamamaraan na kinakailangan dahil sa iyong kapansanan.¹⁸ Halimbawa, hindi ka maaaring singilin ng bayad ng negosyo sa pagpapahintulot na ipasok ang iyong hayop na panserbisyo o para sa pagpapapasok ng personal na tagapag-asikaso.

Ang mga negosyo bang bukas sa publiko o ang mga tagapagbigay ng pabahay, gaya ng mga kasero, ay dapat na gawin ang lahat ng kinakailangang kaluwagan/pagbabago?

Hindi, ang negosyo na bukas sa publiko o ang mga tagapagbigay ng pabahay, gaya ng mga kasero, ay hindi kinakailangang na gawin ang lahat ng kaluwagan na:

- magbabago sa likas na katangian ng negosyo (saligang pagbabago), o
- magiging sanhi ng hindi nararapat na pagpapahirap (o malaking paghihirap o gastos).

Kahit na hindi kailangang magbigay ang negosyo o pabahay ng kaluwagan dahil sa pinansiyal na pagpapahirap o saligang pagbabago, dapat itong humanap o gumawa ng ilang uri ng kaluwagan na makakatulong sa iyo.

Ang negosyo o tagapagbigay ng pabahay ay hindi kinakailangang magbigay ng pinaka-masulong na teknolohiya basta sila ay nakakapagbigay ng epektibong komunikasyon. Sa pagpapasiya kung anong mga tulong at serbisyo ang kailangan para sa epektibong komunikasyon, isinasaalang-alang ng batas ang uri ng iyong kahinaan,

¹⁷ 42 U.S.C. § 3604(f)(3)(A). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁸ 28 C.F.R. § 36.301(c) [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

anong mga kagamitan at serbisyo ang mayroon, at ang haba at kasalimuotan ng komunikasyon.¹⁹

Legal ba kailanman para sa isang negosyo na bukas sa publiko na ipagkait sa akin ang kalakal at serbisyo nito dahil sa aking kapansanan?

Minsan, subalit sa bihirang mga sitwasyon lamang. Ayon sa ADA, maaaring ipagkait ng pribadong negosyo ang kanilang kalakal at serbisyo kung ikaw ay direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba. Ipinakahulugan ito bilang malaking peligro sa kalusugan o kaligtasan ng iba.²⁰ Upang magpasya kung ikaw ay maaaring maging sanhi ng direktang banta, dapat na tingnan ng negosyo ang iyong partikular na kaso at gumamit ng makatwirang pagpapasya batay sa indibidwal na sitwasyon. Dapat na isaalang-alang ang kasalukuyang medikal na kaalaman o ang pinakamainam na walang kinikilingang ebidensiya na nagsasaalang-alang ng:

- Uri, tagal, at kalubhaan ng peligro;
- Gaano malamang na mangyari ang pinsala; at
- Kung babawasan o tatanggalin ng mga makatwirang pagbabago o pagbibigay ng mga pandagdag na tulong ang peligro.²¹

Legal ba kailanman na tanggihan o mapaalis ako sa pabahay dahil sa aking kapansanan?

Sa kalahatan, hindi ka maaaring tanggihan ng makukuhang yunit dahil sa iyong kapansanan.²² Subalit, kagaya ng sa negosyong bukas sa publiko, maaaring tanggihan o paalisin ka sa pabahay kung ang iyong kapansanan ay maging sanhi ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan ng iba, kung mayroon o walang mga makatwirang kaluwagan.²³

¹⁹ 28 C.F.R. § 36.302, 36.303, Kodigo Sibil ng California § 54.1 [“Return to Main Document”](#)

²⁰ 28 C.F.R. § 36.104. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²¹ 28 C.F.R. § 36.208(a)-(b). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²² 42 U.S.C. § 3604(f)(1)-(2). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²³ 42 U.S.C. § 3604(f)(9). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Paano Maghabla sa Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol

Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo sa:

- Mga Pangunahing Kaalaman sa Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol (Small Claims Court Basics)
- Paano magsimula ng kaso
- Paghahanda para sa hukuman
- Matapos ang pagdinig
- Kailangan pa ng dagdag na tulong?

Mga Pangunahing Kaalaman sa Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol

Ano ang hukuman ng mga maliit na paghahabol?

Ang hukuman ng mga maliit na paghahabol ay isang espesyal na hukuman kung saan ang mga alitan ay mabilis at murang nareresolba. Ang mga patakaran ay simple at hindi pormal. Ang taong naghabla ay ang Nagsasakdal (Plaintiff). Ang taong inihahabla ay ang Akusado (Defendant).²⁴

Maaari ba akong maghabla para sa diskriminasyon sa hukuman ng mga maliit na paghahabol?

Oo. Maaari kang magsampa ng paghahabol laban sa negosyo (at/o empleyado ng negosyo) para sa paglabag ng pederal na mga batas, gaya ng ADA o Batas ng Patas na Pabahay, o anumang batas sa California na nagpoprotekta sa iyo mula sa diskriminasyon.

Tandaan: Maaari kang magsampa ng hiwalay na mga paghahabol laban sa negosyo para sa bawat batas sa California, ngunit maaari ka lamang makakuha ng isang pabuya.²⁵

²⁴ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Kaalaman (Small Claims Court, Basics), <http://www.courts.ca.gov/1256.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

²⁵ *Tingnan* Kodigo Sibil ng California § 54.1 "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

Ano ang maaari kong hilingin sa hukuman ng mga maliit na paghahabol?

Pera. Kung ikaw ay maghahabla sa hukuman ng mga maliit na paghahabol, maaari ka lamang humingi ng pera.

Gaano kalaking pera ang maaari kong hilingin?

Maaari kang humiling ng “pabuya” na tatlong (3) beses ng iyong aktwal na kawalan, o \$4,000, kung anuman ang mas malaki. Kaya kung ang hukuman ay sumang-ayon na ikaw ay nadiskrimina, dapat kang makakuha ng hindi bababa sa \$4,000.²⁶

Hindi ka maaaring humiling ng mas mataas sa \$10,000 sa iyong paghahabol. Maaari kang magsampa ng kahit ilang paghahabol na iyong nais hanggang \$2,500 bawat isa. Subalit maaari ka lamang magsampa ng dalawang paghahabol sa isang kalendaryong taon na humihiling ng mahigit sa \$2,500.²⁷

Kung nais mong maghabla ng mahigit sa \$10,000, maaari kang magsampa sa sibil na sangay ng Mataas na Hukuman (Superior Court) o maaari kang maghabla sa hukuman ng mga maliit na paghahabol at isuko ang iyong karapatan sa anumang halaga na lampas sa \$10,000 na limitasyon. Kung ikaw ay maghabla sa Mataas na Hukuman, maaaring kailangan mo ng abogado para kumatawan sa iyo. Maaaring hilingin sa iyong demanda sa Hukuman na utusan ang negosyo na ibalik sa iyo ang mga bayad sa abogado.

Maaari ba akong humiling ng Kautusan ng Hukuman?

Hindi. Sa hukuman ng mga maliit na paghahabol, hindi ka maaaring humiling ng kautusan ng hukuman (pag-aatas) para iutos sa negosyo na gumawa ng isang bagay o itigil ang paggawa ng isang bagay, gaya ng:

- Gawing madaling mapuntahan ang kanilang lugar,
- Magbigay ng pagsasanay sa kamalayan sa kapansanan sa mga empleyado nito,

²⁶ Kodigo Sibil ng California § 52(a). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²⁷ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Magkano ang Maaari Mong Ihabla sa Hukuman ng mga Maliit na Paghahabol? (Small Claims Court, How Much Can You Sue for In Small Claims Court?), <http://www.courts.ca.gov/1256.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

- Magbigay ng personal na tulong sa mga customer na may kapansanan, o
- Itigil ang mga kasanayan at/o patakaran na nagdidiskrimina.

Kung nais mo ng pag-aatas, dapat kang magsampa ng kaso sa Mataas na Hukuman ng California (hukuman ng estado) (California Superior Court [state court]) o sa Hukuman ng Distrito ng Estados Unidos (pederal na hukuman) (U.S. District Court [federal court]).

Maaari bang magsampa ng paghahabol ang sinuman?

Upang magsampa ng isang paghahabol, dapat na hindi ka bababa sa 18 taon gulang at “may kakayahan,” nangangahulugan na nauunawaan mo ang kalikasan ng paghahabol at proseso ng hukuman at ganap na nakikilahok.

Kung ikaw ay wala pang 18, o kung nagpasya ang hukuman na ikaw ay “walang kakayahan,” dapat kang humiling sa Hukuman na magtalaga ng kinatawan para magsalita para sa iyo. Ang “walang kakayahan” ay isang legal na termino na nangangahulugan na hindi ka maaaring maghabla nang walang tulong mula sa isang may kakayahang nasa tamang edad dahil sa ilang pangkaisipang kondisyon.²⁸

Ang taong kumakatawan ay tinatawag na “tagapag-alagang ad litem” (“guardian ad litem”) at karaniwang isang magulang, kamag-anak, o nasa tamang edad na kaibigan.

Para gawin ito, sagutan ang *Application and Appointment of Guardian ad litem*, form Civ-010. Maaari mong makuha ang form dito:

<http://www.courts.ca.gov/documents/civ010.pdf>

Mayroon bang deadline sa pag-file?

Oo. Dapat mong masampa ang kaso sa hukuman ng mga maliit na paghahabol sa loob ng dalawang (2) taon mula sa petsang ikaw ay nadiskrimina.

²⁸ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Kaalaman, <http://www.courts.ca.gov/1256.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Mayroong mga eksepsyon, gaya ng kung ang diskriminasyon ay naganap noong:

- Ang akusado ay wala sa estado;
- Wala ka pang 18;
- Ikaw ay nasa kulungan; o
- Ikaw ay walang kakayahan na pag-iisip.²⁹

Maaari ba akong kumuha ng abogado?

Hindi. Hindi ka maaaring kumuha ng abogado para kumatawan sa iyo sa hukuman ng mga maliit na paghahabol. Subalit maaari kang makipag-usap sa abogado bago o matapos ang hukuman.

Kailangan ko bang isampa ang aking kaso sa hukuman ng mga maliit na paghahabol?

Hindi. Maaari mo ring ipasa ang iyong kaso sa Mataas na Hukuman ng California o sa Hukuman ng Distrito ng U.S. Subalit, mas madaling magsampa ng paghahabol sa hukuman ng mga maliit na paghahabol. Ang mga patakaran ay madali at hindi pormal. At, hindi mo kailangan ng abogado.

Paano Magsimula ng Kaso

Una, pagpasyahan kung karapat-dapat ba sa iyong oras at pagsisikap ang maghabla sa hukuman ng mga maliit na paghahabol. Ang mga paglilitis sa hukuman ng mga maliit na paghahabol ay mabilis at simple. Subalit maaari itong gumugol ng maraming oras para ihanda ang iyong kaso, ihain at isampa ang iyong mga papeles sa hukuman at magkolekta ng paghatol.

Paano ko malalaman kung mayroon akong mahusay na kaso?

Bukod sa diskriminasyon, ang ibang karaniwang uri ng mga maliit na paghahabol ay mga alitan tungkol sa:

²⁹ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Kaalaman, <http://www.courts.ca.gov/1256.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). "[Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#)"

- Pagkasira ng ari-arian o personal na pinsala mula sa aksidente sa sasakyan;
- Mga pansegurong deposito ng kasero/nangungupahan;
- Pagkasira ng kapitbahay ng iyong ari-arian;
- Mga alitan sa mga kontratista tungkol sa mga trabahong pagkumpuni o pagpapabuti ng tirahan;
- Pagkolekta ng perang inutang;
- Mga alitan sa samahan ng mga may-ari ng bahay; at
- Marami pang ibang isyu.³⁰

Mga Apela: Hindi ka maaaring umapela kung ikaw ang taong nagsampa ng paghahabol maliban kung ang Akusado ay nagsampa rin ng kontrang paghahabol laban sa iyo. Kung may sinuman na nagsampa ng paghahabol laban sa iyo at ikaw ay natalo, maaari kang umapela. Nangangahulugan ito na kung ikaw ang nagsasakdal na naghahabla sa akusado at ikaw ay natalo, hindi ka maaaring mag-apela sa desisyon ng hukuman.

Kapag ikaw ay umapela ng hatol ng isang maliit na paghahabol, hinihiling mo sa mataas na hukuman na palitan ang desisyon ng hukom ng mga maliit na paghahabol. Magkakaroon ka ng iba pang paglilitis sa hukuman at kailangang mong muling iharap ang iyong kaso.³¹

Paano ako magsasampa ng paghahabol?

Una, makipag-usap sa tao o negosyo na iniisip mong ihabla. Subukang ayusin ang mga bagay-bagay bago pumunta sa hukuman. Maiiwasan ng paunang pag-aayos sa mga bagay-bagay ang pag-alala at alinlangan na kasama sa pagsampa ng kaso sa hukuman. Upang talakayin ang kaso bago ang hukuman, maaari kang tumawag o sumulat ng “sulat ng paghahabol” na naglalarawan ng iyong paghahabol at kung ano ang iyong hinihingi. Para sa tulong sa pagsusulat ng sulat ng paghahabol, bumisita sa: <http://www.courts.ca.gov/11145.htm>.

³⁰ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Kaalaman, <http://www.courts.ca.gov/1256.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³¹ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Kaalaman, <http://www.courts.ca.gov/1016.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Ipadala ang iyong sulat ng paghahabol sa pamamagitan ng sertipikadong koreo upang mapatunayan mo na nakuha ito ng Akusado.

Kung hindi ka pa rin bayaran ng Akusado, magpuno ng form ng SC-100, Small Claims Case Order to go to Court. Ang form ay makikita sa:

<http://www.courts.ca.gov/1017.htm>.

I-file ang SC-100 sa Kawani ng Hukuman (Court Clerk). Bibigyan ka ng Kawani ng araw at oras ng pagdinig. Kung nais mo ng ispesipikong araw ng petsa ng pagdinig (gaya ng Sabado) o sa gabi, sabihan ang kawani.

Sa ilang mga county, maaari kang magsampa sa pamamagitan ng sulat o online. Subalit, kung makagawa ka ng pagkakamali sa iyong paghahabol, maaaring kailangang mong itama ang mali at i-file muli.³²

Saan ko maaaring i-file ang aking paghahabol?

Maaari mong i-file ang iyong paghahabol (SC-100) sa tamang hukuman. Kung hindi mo ito gawin, tatapusin ng hukuman ang iyong kaso.

I-file sa hukuman na sumasaklaw sa iyong lugar kung saan:

- Nakatira o nagnenegosyo ang Akusado; o
- Naroon ang tanggapan ng sangay ng negosyo o pangunahing lugar ng negosyo; o
- Naganap ang diskriminasyon.³³

Sino ang Akusado sa kaso ko?

Ang Akusado ay ang negosyo o empleyado na iyong inihahabla. Kailangan mong gamitin ang eksaktong legal na pangalan ng Akusado sa iyong mga form ng hukuman.

Kung ang Akusado ay isang negosyo o korporasyon at hindi mo alam ang eksaktong legal na pangalan, magtanong sa Tagapayo ng Mga

³² Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Hakbang sa Pagfile ng Kaso sa mga Maliit na Paghahabol, <http://www.courts.ca.gov/1008.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³³ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Paghahanap ng Tamang Hukuman upang I-file ang Iyong Paghahabol, <http://www.courts.ca.gov/9745.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Maliit na Paghahabol (Small Claims Advisor) kung saan makikita ang impormasyon na ito.

Tandaan: Maaari ka lamang magkolekta ng pera mula sa Akusado na ang eksaktong pangalan ay makikita sa iyong paghahabol. Kung kaya't mahalaga na ilista ang pangalan ng Akusado nang tama. Narito ang ilang payo kung paano mo ililista ang (mga) akusado:

Kung ang iyong Akusado ay isang...³⁴

Tao: Isulat ang pangalan, gitnang pangalan at apelyido ng tao.

Mag-asawa: Ilagay ang buong pangalan ng asawang lalaki AT buong pangalan ng asawang babae.

Halimbawa: James A. Jones at Sally R. Jones

Kung hindi mo alam ang pangalan ng asawang babae, isulat ang:

James A. Jones at Gng. James A. Jones

Negosyo: Alamin kung ang negosyo ay isang korporasyon, partnership o sole proprietorship. Pagkatapos, basahin sa ibaba:

Sole proprietorship (Isang negosyo na pag-aari ng isang tao): Isulat ang pangalan ng may-ari AT ang pangalan ng negosyo sa iyong paghahabol. Matapos ang pangalan ng may-ari, isulat ang "indibidwal." Kapag nanalo ang kaso mo, maaari kang kumolekta sa negosyo o sa indibidwal.

Halimbawa: Sue Smith, indibidwal & Smith Products

Kung ang may-ari ay nagnenegosyo sa ilalim ng hindi tunay na pangalan (isang inimbentong pangalan), isulat ang "& DBA" nangangahulugang "Nagnenegosyo Bilang Si" ("Doing Business As") bago ang pangalan ng negosyo.

Halimbawa: Sue Smith, indibidwal & DBA Continental Candies

³⁴ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Paano Malalaman Kung Paano Papangalanan ang Akusado, <http://www.courts.ca.gov/9736.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). ["Bumalik sa Pangunahing Dokumento"](#)

Partnership (Isang negosyo na pag-aari ng 2 o higit pang mga tao) Ilista ang partnership AT pangalan ng bawat partner.

Kung manalo ka sa iyong kaso, maaari kang kumolekta sa mga indibidwal na partner o sa partnership.

Halimbawa: Jim Smith, Indibidwal, & John Jones, Indibidwal, & DBA Smith & Jones Corporation

Isulat ang eksaktong pangalan ng korporasyon na sinusundan ng “isang korporasyon” o “Inc.”

Halimbawa: Sally’s Dresses, isang korporasyon o Sally’s Dresses, Inc.

Huwag pangalanan ang mga taong may-ari ng korporasyon maliban kung sila ay malinaw na nagsagawa ng pagkilos bilang isang indibidwal bukod sa korporasyon.

Sangay ng Korporasyon (Subsidiary of a Corporation) (Isang Kumpanya na pag-aari ng isang korporasyon) Isulat ang pangalan ng Korporasyon, tapos ang mga letrang DBA at ang pangalan ng sangay.

Halimbawa: Lotus Corporation, DBA The Flower Company

Kailangan ko bang magbayad para mag-file?

Oo. Ang bayad ay batay sa halaga ng iyong paghahabol at ang bilang ng mga paghahabol na iyong isinampa sa nakaraang 12 buwan.

Kung ikaw ay nagsampa ng 12 o mas kaunting paghahabol sa nakaraang 12 buwan:

<u>Halaga ng iyong Paghahabol:</u>	<u>Bayad sa Pag-file</u>
\$0 hanggang \$1500	\$30
\$1500.01 to \$5,000	\$50
\$5000.01 to \$10,000	\$75

Maaari kang makakuha ng pagpapaubaya ng lahat o bahagi ng iyong bayad sa pag-file kung ikaw ay nakakakuha ng mga pampublikong benepisyo, isang taong mababa ang kita, o walang sapat na kita para tugunan ang pangunahing pangangailangan ng iyong sambahayan at ng iyong mga bayarin sa hukuman upang hindi mo na kailangang bayaran

ang buong halaga. Siguraduhin na i-file ang pagpapaubaya ng bayad sa hukuman kasabay ng pagfile ng iyong kilos sa maliit na paghahabol.

Kung hindi mo kayang magbayad ng mga bayarin sa hukuman, sagutan at i-file ang mga form na ito:

- Request to Waive Court Fees (form FW-001)
- Order on Application to Waiver of Court Fees and costs (form FW-003)

Maaari mong sagutan ang mga form na ito online sa:

<http://www.courts.ca.gov/9743.htm>.³⁵

Paano malalaman ng Akusado ang tungkol sa mga paghahabol?

Kailangan mong ipaalam sa Akusado na inihahabla mo sila. Ibig sabihin, dapat na may maghain (magbigay) – hindi ikaw – sa bawat Akusado ng naisampung kopya ng iyong nakumpletong reklamo (form SC-100) nang personal.

Ano ang "paghain"?

May istriktong mga patakaran sa paghahain ng mga dokumento ng hukuman. Ang “paghain” o “paghahain” ay kung ang isang tao — *hindi ikaw o sinumang nakalista sa kasong ito* — ay nagbigay ng isang kopya ng iyong mga papeles sa hukuman sa tao, negosyo, o pampublikong entidad na iyong inihahabla. Ang paghain ay nagpapaalam sa kabilang partido kung:

- Ano ang iyong hinihingi,
- Kailan at saan magaganap ang paglilitis, at
- Ano ang magagawa nila.

Huwang maghain ng mga form ng pagpapaubaya. Ang mga form na ito ay para lamang sa hukuman.³⁶

³⁵ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Pagpapaubaya ng Bayad, <http://www.courts.ca.gov/1090.htm>, (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁶ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Paghain ng Proseso, <http://www.courts.ca.gov/1092.htm>, (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Kailan ko dapat na ihain ang paghahabol?

Depende ito sa kung **paano** mo ihahain ang paghahabol. Kung ikaw ang Nagsasakdal, ihain ang Plaintiff's Claim (Form SC-100). Ang form ay makikita sa <http://www.courts.ca.gov/1017.htm>).

- Para sa personal na paghain: Ihain ang iyong paghahabol ng hindi bababa sa 15 araw bago ang petsa ng hukuman (o 20 araw kung ang tao, negosyo, o pampublikong entidad na iyong hahainan ay nasa labas ng county).
- Para sa ipinalit na paghahain: Ihain ang iyong paghahabol nang hindi bababa sa 25 araw bago ang petsa ng hukuman (o 30 araw kung ang tao, negosyo, o pampublikong entidad na iyong hahainan ay nasa labas ng county). Kung ang tao, negosyo, o pampublikong entidad na iyong hahainan ay nasa labas ng California o kung hahainan mo sila ng ibang form, magtanong sa Tagapayo ng mga Maliit na Paghahabol para sa karagdagang impormasyon.

Sino ang maaaring maghain?

Maaaring maghain ng mga papeles ng hukuman ang isang kaibigan, prosesong tagahain, o Serip. Ang maghahain ay dapat na hindi bababa sa 18 at hindi nakalista sa kaso.

- Ang isang "prosesong tagahain" ay isang tao na binabayaran mo para magpadala ng mga form ng hukuman. Tumingin sa Dilaw na mga Pahina (Yellow Pages) sa ilalim ng "Prosesong Paghahain" ("Process Serving").
- Ang Serip (Sheriff) (o Mariskal [Marshal] kung mayroon ang inyong county) ay maaari ring magpadala ng mga form ng hukuman. Tanungin ang kawani ng hukuman kung paano makipag-ugnayan sa Serip. O, tingnan ang seksyon na county ng iyong phone book sa ilalim ng "Serip" ("Sheriff"). Kailangan mong bayaran ang Serip, maliban na lang kung kwalipikado ka para sa pagpapaubaya ng bayad.

Kailangan ba akong bigyan ng tagahain ng Katunayan ng Paghain?

Oo. Ang taong naghain ng mga form nang personal ay dapat na magpuno at pumirma ng Proof of Service form (SC-104), pagkatapos ay ibigay ito sa iyo. Pagkatapos, kailangan mo itong dalhin at i-file sa

Tanggapan ng Kawani. Kapag nag-file, magtabi ng may tatak ng hukuman na kopya para sa iyong mga tala.

Kapag nagbayad ka sa Kawani ng Hukuman upang ihain ang iyong mga form sa pamamagitan ng mahigpit na Certified Mail, tanungin ang Tanggapan ng Kawani kung natanggap na nila ang resibo ng Certified Mail.

May deadline ba ang paghain sa Akusado?

Oo. Ang Akusado ay dapat na mahainan nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagdinig. O, 20 araw bago ang pagdinig kung ang Akusado ay nakatira sa ibang county. Kung ang Akusado ay hindi nahainan sa tamang panahon, ipagpapaliban ng hukuman ang iyong kaso.

Maaari ba akong ihabla ng taong inihahabla ko?

Oo. Maaaring magsampa ng maliit na paghahabol ang Akusado laban sa iyo. Ito ang tinatawag na Defendant's Claim (SC-120). Kung mangyari ito, pagpapasyahan ng hukuman ang parehong paghahabol nang sabay.

Kung ang Paghahabol ng Akusado ay mahigit sa \$10,000, maaari siyang magfile sa Mataas na Hukuman. Pagkatapos, maaari niyang hilingin sa hukuman na ilipat ang iyong paghahabol sa Mataas na Hukuman.

Kailangang ba akong abisuhan ng Akusado?

Oo. Kung mag-file ng paghahabol ang Akusado laban sa iyo, kailangan ka niyang hainan (bigyan ng abiso) nang hindi bababa sa limang araw bago ang iyong paglilitis. Subalit, kung ang Akusado ay nahainan ng iyong mga papeles nang mas mababa sa 10 araw bago ang paglilitis, maaari ka niyang hainan ng hanggang sa isang araw bago ang paglilitis.³⁷

³⁷ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Inihahabla, <http://www.courts.ca.gov/1010.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). "[Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#)"

Maaari ko bang palitan (baguhin) ang aking paghahabol?

Oo. Kung ang iyong Akusado ay hindi pa nahahainan, pumunta sa Tanggapan ng Kawani ng mga Maliit na Paghahabol at hilingin na palitan (baguhin) ang iyong paghahabol. Dalhin ang iyong orihinal na form ng paghahabol. Matapos mong i-file ang iyong “binagong paghahabol” kailangan mong maghain sa Akusado, gaya ng inilarawan sa itaas.

Kung ang iyong paghahabol ay naihain na sa sinuman sa mga Akusado, kailangan mong sumulat ng liham sa hukuman upang humingi ng permiso na palitan ang iyong paghahabol. Maaari kang tulungan ng Tagapayo ng mga Maliit na Paghahabol dito.

Upang magtanggap ng isa o higit pang Akusado, punan at i-file ang form ng pag-aalis para ipaalam sa Hukuman kung sinong Akusado ang ayaw mo nang idemanda.

(Request to Amend Claim Before Hearing, Form SC-114). Kailangan mo maihain ang pag-aalis sa iba pang mga Akusado kung sila ay nahainan na ng iyong reklamo sa mga maliit na paghahabol. Kung ang iyong reklamo ay hindi pa naihain, hindi mo kailangan ipaalam sa ibang mga akusado ang tungkol sa pag-aalis.³⁸ Maaaring mong tapusin ang iyong kaso ng “may prehuwisyo” o “walang prehuwisyo.”

Ang “May Prehuwisyo” ay nangangahulugan na hindi mo na maaaring gamitin ang parehong paghahabol laban sa parehong akusado sa hinaharap.

Ang “Walang Prehuwisyo” ay nangangahulugan na maaari kang maghabla ng ibang kaso batay sa parehong paghahabol, basta’t ang batas ng mga limitasyon ay hindi pa lumalampas.

Maaari ko bang palitan ang aking petsa sa hukuman?

Oo. Magpuno at mag-file ng Request to Postpone Small Claims Hearing (form SC-150), nang hindi bababa sa 10 araw bago ang iyong pagdinig. Sisingilin ka ng \$10 na bayad ng kawani.

³⁸ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Pagpapalit ng Petsa ng Paghahabol o Hukuman, <http://www.courts.ca.gov/1387.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

O, maaari kang sumulat ng liham sa Hukuman na nagpapaliwanag kung bakit mo kailangang palitan ang iyong petsa sa hukuman.

Kailangan mo rin magpadala o personal na magbigay ng kopya ng form SC-110 o ng liham na iyong sinulat sa hukuman sa lahat ng mga Akusado at ibang mga Nagsasakdal sa iyong kaso.

Kung mayroon kang mas mababa sa 10 araw bago ang iyong paglilitis, dalhin ang nakumpletong form SC-110 o liham sa tanggapan ng Kawani AT magpadala o personal na magbigay ng kopya ng form SC-110 o sulat sa ibang tao na pinangalanan sa paghahabol.

O, maaari kang pumunta sa iyong paglilitis at hilingin sa hukom ang bagong petsa (tinatawag na “pagpapatuloy”).³⁹

Paano Maghanda para sa Hukuman

Gaano ako katagal na dapat maghintay para pumunta sa hukuman?

Kung may idinedemanda ka, kailangan mong pumunta sa hukuman. Ang iyong kaso ay diringgin sa loob ng 20 – 70 araw matapos mong i-file ang iyong paghahabol.⁴⁰

Paano ko mapapapunta sa hukuman ang aking mga saksi?

Maaari mong hilingin na boluntaryong pumunta ang saksi. O, maaari kang magfile ng form SC-107. Isa-subpoena (aatasan) sila ng Kawani na pumunta. Makukuha ang form sa <http://www.courts.ca.gov/1017.htm>.

Maaari kang singilin ng bayad ng mga saksi. Maaaring singilin ka ng \$35 ng mga hindi ekspertong saksi para sa isang araw, at dagdag na 20¢ sa bawat milya ng byahe papunta at paaalis ng hukuman. Ang mga ekspertong saksi ay mas mahal. Upang makatipid ng pera, maaari

³⁹ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Pagpapalit ng Petsa ng Paghahabol o Hukuman, <http://www.courts.ca.gov/1387.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁰ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Mga Kaalaman, <http://www.courts.ca.gov/1256.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

mong hilingin sa ekspertong saksi na bigyan ka ng impormasyon na kailangan mo nang nakasulat. Tinatawag itong deklarasyon.⁴¹

Paano ako makakakuha ng mga rekord at papeles upang patunayan ang aking kaso?

Magfile ng form SC-107. Isa-subpoena (aatasan) ng Kawani ang taong may mga rekord na dalhin o ipadala ang kopya sa Hukuman.⁴²

Maaari ba akong gumamit ng pamamagitan?

Oo. Sa katunayan, inaatas ng ilang mga hukuman na maunang gumamit ng pamamagitan (mediation). Ang pamamagitan ay kung ang isang may kasanayang tagapamagitan ay nakikipagtulungan sa Nagsasakdal at sa Akusado upang subukang lutasin ang kaso sa labas ng hukuman. Ang pamamagitan ay mas mabilis at mas madali kaysa sa paghabla sa hukuman. At, nasa mga 80% ng mga kaso na dinadala sa pamamagitan ang nalulutas sa labas ng hukuman.

Kung nais mong subukan ang pamamagitan, sabihan ang Tagapayo ng mga Maliit na Paghahabol na tulungan ka sa paghahanap ng tagapamagitan. Humingi ng petsa ng pamamagitan na mauuna sa petsa ng paglilitis ng iyong mga maliit na paghahabol. Sa ganitong paraan, kung hindi gumana ang pamamagitan sa iyo, maaari ka pa rin pumunta sa hukuman sa iyong nakatakdang paglilitis.⁴³

Paano gumagana ang pamamagitan?

Kung gusto mong subukan ang pamamagitan, sabihan ang Tagapayo ng mga Maliit na Paghahabol na i-ugnay ka sa tagapamagitan. Pagkatapos, kontakin ang tagapamagitan at ang tagapamagitan ang kokontak sa (mga) Akusado. Kung sumang-ayon ang magkabilang panig sa pamamagitan, pupunta kayo sa isang walang kinikilingang lugar

⁴¹Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Pag-subpoena ng Saksi, <http://www.courts.ca.gov/11162.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumentong”](#)

⁴²Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Pagpunta sa Hukuman, <http://www.courts.ca.gov/1013.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumentong”](#)

⁴³Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Pamamagitan, <http://www.courts.ca.gov/1011.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumentong”](#)

upang subukin na lutasin ang iyong kaso. Ipapaliwanag ng tagapamagitan ang proseso na gagamitin niya. Anuman ang sasabihin mo sa pamamagitan ay pribado at kumpidensiyal. Ang mga impormasyon na nalaman sa pamamagitan ay hindi tatanggapin ng hukuman. Maaaring makilahok ang mga abogado sa pamamagitan.

Karamihan sa mga pamamagitan ay tumatagal ng ilang oras. At, kung ikaw ay sumang-ayon sa solusyon sa pamamagitan, isusulat ng tagapamagitan ang mga napagkasunduan ninyo. Kung ang Akusado ay hindi sumunod sa napagkasunduan, maaari mong hilingin ang hukuman na ipatupad ito.⁴⁴

Paano kung mapagkasunduan ko at ng Akusado na lutasin ang kaso bago ang pagdinig?

Mag-file lamang ng *Request for Dismissal* form sa Kawani. Ang form ay makikita sa: <http://www.courts.ca.gov/1017.htm>. O, pumunta sa pagdinig at sabihin sa hukom na nalutas mo na ang iyong kaso.

Ano ang mangyayari sa pagdinig?

- Dumating sa Hukuman nang mas maaga ng 30 minuto.
- Dalhin ang iyong mga saksi, resibo at anumang ebidensiya na kailangan mo upang patunayan ang iyong kaso.
- Kapag nagbukas na ang Silid ng Hukuman, pumasok at sabihin sa Kawani na ikaw ay naroon.
- Panoorin ang ibang mga kaso para alam mo kung ano ang iyong gagawin.
- Kapag tinawag na ang iyong pangalan, pumunta sa harap ng Silid ng Hukuman.
- Pakikinggan ng hukom ang magkabilang panig. Maaaring magpataw ng pasya ang hukom sa iyong paglilitis o ipadala ito sa iyo pagkatapos.⁴⁵

⁴⁴ *Id.* "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

⁴⁵Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Iyong, <http://www.courts.ca.gov/1119.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

Matapos Ang Pagdinig

Paano ko malalaman ang pasya ng hukuman?

Magbibigay o magpapadala sa iyo ang hukom ng Notice of Judge's Decision, SC-130 at SC-200. Ang form na ito ang magsasabi kung ano ang naging pasya ng hukom. Mahalaga na basahin nang buo ang pasya ng hukom, at pagkatapos ay basahin ang form SC-200-INFO, dahil matutulungan nitong protektahan at ipatupad ang iyong mga karapatan, nanalo ka man o natalo sa kaso.

Maaaring iutos ng hukom sa isang partido na bayaran ang kabilang partido. Kapag nangyari ito, ang tao na kailangang magbayad ay ang nahatulang may utang (judgment debtor). Ang taong kokolekta ng pera ay ang nahatulang bayaran (judgment creditor).⁴⁶

Kung ako ang nanalo, kailan ko makukuha ang aking pera?

Kailangan mong maghintay ng 30 araw (ang panahon ng pag-apela) bago ka mabayaran.

Kokolektahin ba ng Hukuman ang pera para sa akin?

Hindi. Pero mayroong mga bagay kang magagawa para mabayaran. Basahin ang SC-130 (Notice of Judge's Decision) para sa karagdagang impormasyon. Makikita mo ang form na iyon dito:

<http://www.courts.ca.gov/documents/sc130.pdf>.

Maaari bang iapela ng Akusado ang pasya ng hukom?

Oo. Tanging ang Akusado lang ang maaaring umapela. Mayroon siyang 30 araw matapos niyang matanggap ang Notice of the Judge's Decision (form SC-130), para umapela.

Ang apela sa mga maliit na paghahabol ay isang "*trial de novo*" o "bagong paglilitis." Ibig sabihin, ang kaso ay pagpapasyahan ng bagong hukom mula sa simula kaya kailangan mo uling ipresenta ang iyong kaso. Dahil ang kasong ito ay nasa Sibil na Sangay ng Mataas na

⁴⁶ Hukuman ng Mga Maliit na Paghahabol (Small Claims Court, Plaintiff's Post Trial Checklist), Checklist ng Nagsasakdal Matapos ang Paglilitis, <http://www.courts.ca.gov/1120.htm> (huling binisita noong Peb. 24, 2015). "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

Hukuman (Civil Division of the Superior Court) (at HINDI sa hukuman ng mga maliit na paghahabol), ikaw (at ang kabilang panig) ay pinapayagang magdala ng abogado para kumatawan sa inyo sa bagong paglilitis.⁴⁷ Habang ang kaso ay inaapela, ang Akusado ay hindi kinakailangang bayaran ang hatol.

Hindi maaaring i-apela ng Nagsasakdal ang kanyang paghahabol. Subalit, ang Nagsasakdal ay maaaring iapela ang Paghahabol ng mga Akusado kung siya ay matalo.⁴⁸

Kailangan ng Dagdag na Tulong?

Sino ang pwede kong hingan ng tulong?

Makipag-usap sa Tagapayo ng mga Maliit na Paghahabol sa inyong county. Walang bayad ito!

Hanapin ang Tagapayo sa inyong county:

<http://www.courts.ca.gov/9498.htm>

Maaari ka ring sumangguni sa website ng sariling tulong ng County ng Contra Costa (Contra Costa County) sa: <http://cc-courthelp.org> na magpapakita sa iyo ng bawat hakbang sa pagsasampa ng mga maliit na paghahabol. Pumunta sa kanilang webiste at i-click ang small claims na tab.

Maaari ka ring tulungan minsan ng kawani ng hukuman na maghanda ng mga form at sumagot sa iyong mga tanong tungkol sa mga proseso ng lokal na hukuman. Subalit, hindi sila mga abogado at hindi makakapagbigay ng legal na payo.

Panatilihing palaging magkaroon ng positibong relasyon sa iyong kawani ng hukuman. Matutulungan ka niyang pagalawin nang mas mabilis ang

⁴⁷ Hukuman ng Mga Maliit na Paghahabol, Mga Apela (Small Claims Court, Appeals), <http://www.courts.ca.gov/1016.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁸ Ano ang Dapat Gawin Matapos ng Pagpasya ng Hukuman sa Aking Kaso ng Maliit na Paghahabol (What To Do After the Court Decides Your Small Claims Case), <http://www.courts.ca.gov/documents/sc200info.pdf> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

iyong kaso sa pamamagitan ng pagtatalaga ng hukom sa iyong kaso na mabilis na naglilitis ng kaso.⁴⁹

Paano kung hindi ako masyadong marunong mag-Ingles?

Hilingin sa iyong kawani ng hukuman nang hindi bababa sa isang (1) linggo bago ang iyong pagdinig upang malaman kung maaari kang bigyan ng hukuman ng tagapagsalin ng wika. Sa ilang mga hukuman, maaaring magbigay sila ng tagapagsalin ng wika na libre kung karapat-dapat ka sa pagpapaubaya ng bayad. Kung hindi, kailangan mong magdala ng sarili mong tagapagsalin ng wika. Huwag mong hilingin sa isang bata o sa saksi na maging tagapagsalin ng wika para sa iyo. May karapatan kang ipagpaliban ang iyong pagdinig upang makakuha ng tagapagsalin ng wika.

Mangyaring tingnan ang brochure na pinamagatang, Paano Gumamit ng Tagapagsalin sa Hukuman (How to Use a Court Interpreter), na makikita sa: <http://www.courts.ca.gov/documents/Tri-CutUseInterpreter.pdf>.⁵⁰

Saan ko makikita ang mga form ng hukuman na kailangan ko?

Pumunta sa anumang hukuman, sa aklatan ng batas ng county, o i-download ang mga form mula sa:

<http://www.courts.ca.gov/1017.htm>

Paano kung kailangan ko ng kaluwagan?

Ang batas ng California at pampederal ay nag-aatas na ang mga pang-estadong hukuman (at mga ahensiya ng pamahalaan) ay magbigay ng angkop na makatwirang mga kaluwagan para sa mga taong may mga kapansanan. Kung ikaw ay may kapansanan at nangangailangan ng tulong, magpuno at magfile ng MC-410, Request for Accommodations by Persons with Disabilities and Order (makikita rito:

⁴⁹ Mga Maliit na Paghahabol, <http://www.courts.ca.gov/selfhelp-smallclaims.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

⁵⁰ Hukuman ng mga Maliliit na Paghahabol, Pagpunta sa Hukuman (Small Claims Court, Going to Court), <http://www.courts.ca.gov/1013.htm> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

<http://www.courts.ca.gov/documents/mc410.pdf>). Dapat na walang bayad para sa iyong mga kaluwagan.

Gawin ang iyong kahilingan matapos mong i-file ang iyong paghahabol, at hindi bababa ng isang linggo bago ang iyong paglilitis, para may oras ang hukuman na tugunan ang iyong mga pangangailangan.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga kaluwagan ang:

- Tagapagsalin ng wikang senyas;
- Tulong mula sa ibang tao (gaya ng tagapagtaguyod) kung kinakailangan dahil sa isang kapansanan;
- Pagpapahintulot na ipasok ang hayop na panserbisyo;
- Pagtanggap ng mga materyales sa magagamit na pormat;
- Pagdalo sa pamamagitan ng telepono kung hindi ka makakapunta sa hukuman dahil sa iyong pang-kaisipan o pisikal na kapansanan.⁵¹

Para sa karagdagang impormasyon sa paghiling ng mga kaluwagan sa hukuman, makipag-ugnayan sa Disability Rights California at humingi ng ng lathalang: Akses sa Hukuman: Isang Gabay sa mga Makatwirang Kaluwagan para sa Mga Taong may mga Kapansanan (Access to the Courts: A Guide to Reasonable Accommodations for People with Disabilities), Lathala # 5026.01

⁵¹Mga Serbisyo sa Iyong Hukuman, www.courts.ca.gov/1077.htm;
<http://www.courts.ca.gov/documents/access-fairness-QandA-for-persons-with-disabilities.pdf> (huling binisita noong Feb. 24, 2015). "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"